8

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 2

Aralin 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kuwarter 2: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2025-2026**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa paunang implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Joel C. Malabanan (Philippine Normal University-Manila)

**Tagasuri:**

- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO, KUWARTER 2, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng pananakop ng Estados Unidos at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan at target na babasa o awdiyens |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng video o animasyon na isinasalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayan at pananagutan |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng Pananakop ng Estados Unidos kaugnay ng mga tekstong pampanitikan<br>(a) Natatalakay ang mahahalagang pangyayari sa panitikan sa panahon ng pananakop ng Estados Unidos<br>(b) Nasusuri ang kalagayan at katangian ng panitikan sa panahong ito<br>(c) Napahahalagahan ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng pananakop ng Estados Unidos |
| **D. Nilalaman** | Pag-unawa at Pagsusuri sa mga Tekstong Nasusulat<br>• Kaligirang Pangkasaysayan (Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos) |
| **E. Integrasyon** | Kanluraning Edukasyon at Pananaw<br>Global na Pagkamamamayan<br>Makabayang Pakikibaka |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| • Agulto, Tomas (2012) Komentularyos, Proyektong Sumakwel Blk. 7 Lot 3 Metrogreen Village Quirino Avenue, Quezon City |

- Almario, Virgilio S. (2019) Si Corazon Bilang Makata ng Buhay https://josecorazondejesus.home.blog/si-corazon-bilang-makata-ng-buhay/
- Bituin, Gregorio V. (2016) *Si Teodoro Asedillo Bilang Bayani ng Sariling Wika* https://sanaysaynigorio.blogspot.com/2016/04/
- De Jesus, Jose Corazon (1928) Sa Dakong Silangan. Gabay Palimbagan ni P. Sayo, Binondo, Manila
- Franzen, Bea Rodriguez (2019) Confronting racism in America: past, present and future https://ncclinked.com/2019/04/16/confronting-racism-in-america-past-present-and-future/
- Lumbera, Bienvenido (1997) Philippine Literature (Revised Edition) Immaculate Conception Print House, Malolos City
- Maceda, Teresita Gimenez (1996) Mga Tinig Mula sa Ibaba. UP Press and UP Center for Integrative and Development Studies,
- Peace, Conflict Resolution and Human Rigthts Program, Diliman, Quezon City
- Malabanan, Joel C (2019) Makabayang awit sa pagtuturo ng kamalayang bayan ang pagtatahip-dunong ng mga awit ng Kilusang
- Bayan sa Pilipinas (1986-2018) https://sentrofilipino.upd.edu.ph/download/pagtatahip-dunong-
- Nilbalvos, Mark Ian P. (2019) *Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa*. Malay
- De La Salle University. https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-32/1/7-nibalvos.pdf
- Navarro, Atoy, and Flordeliza L. Bolante (2007) . Mga Babasahin Sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino,
- Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw. Quezon City: Published and distributed by C & E Pub.
- Rubin, Ligaya Tiamson et.al. (2006).“Panitikan sa Pilipinas”. Rex Bookstore.Lungsod ng Quezon. https://pinoypanitik.weebly.com/panahon-ng-amerikano.html
- San Juan, David Michael M. (2018) “Kontra-Gahum: Pagsipat sa Tema, Pilosopiya at Ideolohiya ng Piling Kontemporaryong
- Tulang Radikal Tungo sa Kontekstwalisasyon ng Kritisismong Marxista” https://www.researchgate.net/publication/322896456_Kontra-
- The Kahimyang Project (2024) Today in Filipino history: Thomasites https://kahimyang.com/kauswagan/articles/2762/today-in-philippine-history-august-21-1901-the-thomasites-arrived-to-establish-a-new-public-school-system-switching-to-english-from-spanish



| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-Aral**<br>**A. Pagkilala**<br>Sa pag-aaral ng kalagayan ng Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano, mahalagang pagbalik-aralan ang mga naganap sa kasaysayan. Isulat sa patlang ang tinutukoy sa bawat bilang. Piliin ang sagot sa kahon sa ibaba. | Mga Kasagutan<br>1. Brigandage act<br>2. Sedition Law<br>3. Reconcentration Act<br>4. Flag Law<br>5. William Mc Kinley |

| | | |
|---|---|---|
| | ______________________ 1. Ito ang batas na ipinatupad ng mga Amerikano noong 1902 na nagsasabing ang sinumang umanib sa armadong pangkat ay tatawaging bandido o tulisan at paparusahan ng kamatayan o mahabang pagkabilanggo.<br>______________________ 2. Sa batas na ito noong 1901, ang sinumang lumalaban sa bansang Amerika at mag-adobkasiya ng kalayaan ay papatawan ng kamatayan o mahabang pagkabilanggo<br>______________________ 3. Noong 1903, ang batas na ito ang nagbigay kapangyarihan sa gobyernong kolonyal upang ilipat ng lugar at bantayan ang mga mamamayang sumusuporta sa mga gerilyang Pilipino.<br>______________________ 4. Ito ang batas noong 1907 na nagbabawal sa mga Pilipino na gamitin at ipakita ang watawat ng Pilipinas.<br>______________________ 5. Siya ang pangulo ng Amerika na nagpasimula ng pananakop sa Pilipinas noong 1898.<br>______________________ 6. Siya ang kinikilalang huling gobernador heneral ng Espanya sa Pilipinas.<br>______________________ 7. Siya ang unang naging gobernador sibil ng Amerika sa Pilipinas.<br>______________________ 8. Siya ang unang naging gobernador militar ng Amerika sa Pilipinas.<br>______________________ 9. Siya ang kinikilalang pangulo ng Republikang Tagalog.<br>______________________10. Siya ang unang gurong Pilipinong tumutol sa paggamit ng English sa pagtuturo nang lumaon ay nakipaglaban at napatay noong 1935.<br><br>Brigandage Act / Reconcentration Act / Teodoro Asedillo / William H. Taft<br>Flag Law / Sedition Act / William Mc Kinley / Wesley Merritt<br>Arthur Mc Arthur / Patricio Montojo / Macario Sakay / Diego de los Rios<br><br>**2. Pidbak (Opsyonal)** | 6. Diego de los Rios<br>7. William H. Taft<br>8. Wesley Merritt<br>9. Macario Sakay<br>10, Teodoro Asedillo<br><br>Maaaring bago pa ang araw ng pagtalakay sa kuwarter 2 ay sabihan na ang mga mag-aaral na magsaliksik a tungkol sa panitikan sa panahon ng pananakop ng Estados Unidos. Balikan o magbasa din tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas sa panahong ito at sa iba pang panahon upang lumawak ang kaalaman at aktibong makalahok sa talakayan. |

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Panghikayat na Gawain**

**Tekstong Biswal**
**SURILAWAN**
Suriin ang larawan at ipaliwanag ang mensahe sa sariling pangungusap.




Caricature of a white man lecturing dark-skinned children. (1899). PICRYL. https://picryl.com/media/school-begins-puck-magazine-1-25-1899-cropped-61c344.

Ano ang mensahe ng larawan?

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**ALAM MO BA?**

Sinakop ng Amerika ang Pilipinas upang palaganapin ang impluwensya nito sa Asya. Ginamit nitong dahilan ang pagsabog ng barko nilang Maine sa Cuba noong Pebrero 15, 1898 na ikinamatay ng 268 na tripulante. Sa Espanya nila isinisi ang naganap na pagsabog.

Sampung araw ang lumipas, nagdeklara na ng pakikidigma ang Amerika sa Espanya. At dahil sakop ng Espanya ang Pilipinas, nagkaroon na sila ng dahilan para sumalakay sa Pilipinas.

Hayaang magbigay ang mga mag-aaral ng mensahe ng larawan batay sa kanilang pagsusuri. Ipaisip sa mag-aaral ang kaugnayan ng larawan na ito sa araling tatalakayin.

Balikan ang sagot ng mga mag-aaral sa bahaging mga tanong sa kaugnay na Paksa 1 at malalim na talakayin at suriin ang mensahe ng larawan/


Narito ang iba pang impormasyon.

Ika-1 ng Mayo, 1898 nang mapalubog ni Admiral George Dewey gamit ang barkong Olympia ang sakakayang dagat ng Espanya na Reina Cristina na pinamumuan ni Admiral Patricio Montojo. Namatayan ang mga Kastila ng 371 kumpara sa 9 lang na nasugatan sa panig ng mga

*Para sa buong kuwarter 2, Tatalakayin ang mga mahahalagang pangyayari sa panitikan sa panahon ng pananakop ng Estados Unidos. Susuriin ang mga akdang naisulat sa panahong ito. Sa pagtatapos ng ikalawang kuwarter, inaasahang maibahagi ang nabuong proseso sa paglikha ng video o animasyon ng rebyu ng sanaysay.

Kaugnay ng aralin sa unang linggo ay isaisip ang mga gabay na tanong sa ibaba nito.

**GABAY-TANONG**




**3. Paghawan ng Bokabularyo**

Piliin sa loob ng kahon ang kahulugan ng mga sumusunod na salita batay sa pagkakagamit sa akdang "Sa Dakong Silangan"

1. alegorya
2. lumiyag
3. marilag
4. orden
5. mithiin
6. alumana
7. suob
8. panggagahaman
9. nagkakatunggali
10. magsasanggalang

| | | | |
|---|---|---|---|
| kautusan | magtatanggol | pansin | tapat |
| layunin | naglalaban | ritwal | umibig |
| maganda | pang-aagaw | simbolismo | yaman |

Amerikano. Ito ang tinawag sa kasaysayan na Battle of Manila Bay at ito rin ang simula ng pagbagsak ng imperyong Kastila sa Pilipinas.
Noong May 19, 1898 ay nagbalik si Emilio Aguinaldo sa Pilipinas sa tulong ng mga Amerikano sakay ng barkong Mc Colloch. Isang buwan ang lumipas, noong Hunyo 12, 1898 ay nagdeklara na ng Araw ng Kalayaan si Aguinaldo sa Cavite kahit hindi pa naman ganap na natatalo ang mga Kastila at nagbabanta ang pananakop ng mga Amerikano.

Maaaring magsaliksik ng karagdagang impormasyon.

Susi sa Bokabolaryo:
1. simbolismo
2. umibig
3. maganda
4. kautusan
5. layunin
6. pansin
7. ritwal
8. pang-aagaw
9. naglalaban
10. magtatanggol

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Ang Pananakop ng mga Amerikano Kumpara sa Pananakop ng mga Kastila at ang Katangian ng Panitikan**<br><br>Mula 1565 hanggang 1898 ay tumagal nang 333 taon na nasakop ng mga Kastila ang Pilipinas gamit ang dahas at relihiyon. Mula naman 1898 hanggang 1935 ay sinakop din ng Amerika ang Pilipinas gamit ang dahas din at edukasyon. Karamihan sa mga panitikang nasulat sa panahon ng mga Kastila ay tungkol sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo magmula sa koridong Ibong Adarna, mga Pasyon at iba pang akdang pansimbahan. Sa panahon ng Kilusang Propaganda noong 1872 nagsimula ang mga akdang nananawagan ng reporma at puna sa pamamalakad ng mga Kastila gaya ng mga nobela ni Dr. Jose Rizal. Sa panahon ng Katipunan naman noong 1892 hanggang 1896 nagsimula ang mga akdang pumapaksa sa kalayaan mula sa mga sinulat nina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, Marcelo H. del Pilar, Antonio Luna at marami pang iba.<br><br>Dahil inagaw ng mga Amerikano ang kalayaang abot-kamay na ng mga Pilipino, hindi kataka-takang ang paksa pa rin tungkol sa Kalayaan ang mga nasulat na akda sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano mula 1898. Ang mga dula tulad ng “Kahapon, Ngayon at Bukas” (1903) ni Aurelio Tolentino, “Tanikalang Ginto” (1902) ni Juan F. Abad at “Walang Sugat” (1898) ni Severino Reyes ay pumapaksa pa rin sa kalayaan kaya ipinagbawal ng mga Amerikano sa bisa ng Sedition Act noong 1901. Isa rin sa nagging tanyag na tula ng pagtutol sa pananakop ng Amerika ay ang “Bayan Ko” na simulat ni Jose Corazon de Jesus noong 1928 at nilapatan ng melodiya ni Constancio de Guzman. Ang awit na ito ang itunuturing na pangalawang pambansang awit ng Pilipinas at naging awit protesta rin sa diktaduryang Marcos mula 1972 hanggang 1986. Isa pang tula mula naman kay Amado V. Hernandez, ang “Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan” na nalikha noong 1930 ang inawit naman ng grupong Inang Laya sa mga kilos-protesta kasama ng tula ni Andres Bonifacio na “Pag-ibig sa Tinubuang Lupa” na nilapatan ng melodiya ni Luis Salvador Jorque noong 1979.<br><br>Kung relihiyon ang ginamit ng mga Kastila upang kontrolin ang ating mga ninuno, bukod sa dahas ay edukasyon naman ang ginamit ng mga Amerikano. | Kung relihiyon ang ginamit ng mga Kastila para sakupin ang Pilipinas, edukasyon naman ang ginamit ng mga Amerikano upang sakupin ang diwa at puso ng mga Pilipino.<br><br>Itinuro sa kasaysayan ng ating bansa na ang Kristiyanismo ang pinakadakilang ambag ng mga Kastila sa Pilipinas habang ang demokrasya naman ang pamana ng Amerika. Ang dalawang konseptong ito ay nagamit upang alipinin ang ating bansa mula noon hanggang sa kasalukuyan. |

Noong Agosto 21, 1901, 346 na gurong lalake at 180 gurong babae ang dumating sa Pilipinas sakay ng U.S. Army Transport Thomas. Nirekrut ang mga gurong Amerikano mula sa 193 paaralan at 43 estado ng Amerika para magtiro sa Pilipinas. Sa pangalan ng sinakyan nilang barko kinuha ang tawag na Thomasites. Pinalitan ng mga Thomasites ang medium of instruction mula Spanish patungong English. Ang gurong si Teodoro Asedillo mula sa bayan ng Kalayaan, Laguna ang unang tumutol sa paggamit ng English sa mga paaralan noong 1921 sapagkat alam niyang ang motibo ng mga mananakop ay kontrolin ang puso at diwa ng mga batang Pilipino. Dahil sa kanyang pagtutol ay tinanggal siya sa kanyang pagiging guro at nang malaon ay nag-armas upang labanan ang mga pamahalaang Amerikano sa Pilipinas hanggang sa mapatay siya noong 1935.

Upang supilin ang apoy ng paghahangad ng kalayaan, pinaigting ng mga Amerikano ang impluwensiya ng romantisismo sa panitikan. Ayon kay Rubin (2006) ang romantsismo sa akda ay *lubhang emosyunal, malabis ang pagkamoralistiko, sadyang sumusumang sa hindi kayayang abutin ng isipan, dumadakila sa kagandahan at kapangyarihan ng kalikasan, gumagamit ng matayog na imahinasyon o guniguni at bumabandila ng tungkol sa kalayaang sarili.*

Bukod sa paggamit ng English, ipinakilala rin ng mga Amerikano ang iba pang anyo ng sining sa larangan ng musika, sayaw, teatro, pelikula at iba pa habang sinusupil ang mga akdang tungkol sa Kalayaan at ibinibilanggo ang mga manunulat ng dulang protesta. Ipinasara rin ang mga pahayagang nagpapakita ng simpatiya sa mga progresibo at rebolustunaryo tulad ng *La Independencia , El Renacimiento, El Nuevo Dia* at marami pang iba.

**Pamprosesong Tanong**

a. Ano ang ginamit ng mga Kastila para sakupin ang Pilipinas? Ano naman ang ginamit ng mga Amerikano upang sakupin ang diwa at puso ng mga Pilipino?.
b. Batay sa datos ng kasaysayan, maituturing na bang ganap na malaya ang Pilipinas?

**1. Pinatnubayang Pagsasanay**

**ALAM KO ITO!**

Panuto: Punan ang talahanayan ng mga akdang naisulat sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas

Balikan ang tekstong Biswal na nasa panghikayat na gawain at malalim na talakayin.

Maaaring dagdagan ang tanong sa pamprosesong tanong.

Itanong din kung **Ano ang kultura at tradisyon ng mga Pilipino na impluwensiya ng Amerikano?**

| PAMAGAT NG AKDA | TAUHANG NAKILALA | KATANGIAN NAIBIGAN |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

Panuto: Sagutin ang mga tanong:

a. Ano-ano ang mga paksa ng akdang pampanitikan sa maagang yugto ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas?
b. Paano binago ng pananakop ng mga Amerikano ang kalagayang ng panitikan sa Pilipinas? Patunayan ang sagot.

**HAMBING-SURI**
Panuto: Pagkumparahin ang pananakop ng mga AmerIkano at mga Kastila sa Pilipinas. Punuan ang kahon ng angkop na kasagutan.

| | KASTILA | AMERIKANO |
|---|---|---|
| Paraan ng Pananakop | | |
| Katangian ng Panitikang Pilipino | | |
| Paksa ng mga Akda | | |
| Impluwensiya sa Panitikan | | |

**Gabay na Tanong:**

a. Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pananakop ng Amerika sa Pananakop ng Kastila?

**Ano ang mga positibo at negatibong epekto ng pananakop ng Estados Unidos**

Ituon din ang pagtalakay sa mga integrasyong Kanluraning Edukasyon at Pananaw,Global na Pagkamamamayan, at Makabayang Pakikibaka

Ito ay gawing takda na sa unang araw upang mapaghandaan na ng mga mag-aaral.

Ito ay pangkatang gawain

**Ikatlong Araw**

**Kaugnay na Paksa 2: Panitikan Bilang Protesta sa Pananakop ng Amerikano**

Gaya ng estilo ng Florante at Laura, isinulat ni Jose Corazon de Jesus ang akdang Sa Dakong Silangan upang ilarawan ang ginawang pananakop ng Amerika sa Pilipinas. Ayon sa makatang si Gregorio Bituin (2008): *makikita agad sa tulang pasalaysay na Sa Dakong Silangan ang pulitika nito, aktibismo at diwang mapagpalaya. Kung ang Ibong Adarna ay paghahanap sa mahiwagang ibon sa Bundok ng Tabor na ang awitin ay lunas sa haring maysakit, ang Sa Dakong Silangan naman ay paghahanap ng kalayaan ng bayan na kinakatawan ng nawawalang si Reyna Malaya.*

Tulad sa Ibong Adarna, malubha ang karamdaman ni Haring Pilipo dahil sa pagkawala ni Reyna Malaya. Ang tatlong anak ng reyna na sina Prinsesa Mandawa, Prinsesa Bituin at Prinsesa Luningning ay naggtangkang hanapin ang ina ngunit sila man ay nangawala rin. Sa tulong kasintahan ni Prinsesa Luningning na si Bayani, kasintahan ni Prinsesa Bituin na si Magiting at kasintahan ni Prinsesa Mandawa na si Dakila ay natagpuan at naligitas si Reyna Malaya na nakakulong pala sa Bundok Bendita.

Masaya na sana ang wakas ng Sa Dakong Silangan kung hindi dumating ang bagong mananakop. Ito ay si Haring Samuel at ang dalawa niyang anak: Sina Prinsipe Dolar at Duke Democrito.

Basahin at unawain ang sumusunod upang masuri ang alegorya ng pananakop ng Amerika sa Pilipinas.

**Sa Dakong Silangan**
(Bahagi ng pinagdaan ni Haring Pilipo at Reyna Malaya
Sa Maalamat ng mga Pulong Ginto 1928)
Jose Corazon de Jesus

Itong haring ito'y may dalawang anak
Isang makadukha't isang makapilak
Itong masalapi'y baliw na lumiyag
Dito kay Mandiwang prinsesang marilag.

Ibig ng prinsipe, ng Prinsipe Dolar

**Mahahalagang Tanong:**

Batay sa kasaysayan, sa papaanong paraan nagamit ang panitikan upang ipaglaban ang kalayaan ng bansa?

Papaano naging alegorya ng kasaysayan ang akdang "Sa Dakong Silangan" ni Jose Corazon de Jesus? Ipaliwanag.

Ipabasa at ipasuri ang bahagi ng "Sa Dakong Silangan" na nakatala. Talakayin ang simbolismo ng bawat saknong batay sa konteksto ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas.

| | | |
|---|---|---|
| | Na kunan ng lupa't ang prinsesang hirang<br>Nais na itanim doon sa Silangan<br>Ang lahat ng kanyang ari at kalakal<br><br>At yaong bandilang may Araw at Tala<br>May ilang panahong makita't mawala<br>Kung may kalayaang doo'y mawiwika'y<br>Walang kasarinlan sa ginto't sa lupa.<br><br>Maganda ang hawla na nakakatulad<br>Ang lupang Silangang mayamang mahirap<br>Malayang ang ibo'y umawit sa gubat<br>Ang gubat ay kulong ng malaking lambat<br><br>At ang isa namang prinsipeng marangal<br>Na anak ng haring nasa'y kasarinlan<br>Duke Demokrito, kahit sumisigaw<br>Talo ng salapi ng panggagahaman<br><br>Ngunit si Mandiwang kakakasal noon<br>Sa panggagahama'y laging tumututol<br>At ang mana niyang pulong kinakandong<br>Masaganang dugo ang dumilig doon<br><br>Samantala namang Demokritong anak<br>Ng Haring Samuel na makamahirap<br>Tumutulong siyang araw'y mapasikat<br>Subalit aayaw, payagan ng pilak<br><br>Sa ganyan nahati ang pakikisama<br>Pinag-aagawan si Reyna Malaya<br>Mithiing ang baya'y bigyan ng ginhawa<br>Kalaban ng pilak, na pambulag mata,<br><br>Ang pilak na bilog na nakabubulag<br>Tila nakasabit sa agilang pakpak<br>Kaya pati langit noo'y inuulap | |

| | | |
|---|---|---|
| | At ayaw matanggal sa pagpapahirap.<br><br>Matulis na kuko ng gintong dayuha'y<br>Tumarak sa dibdib ng lupang Silangan<br>Mahinang lumakas, ngayo'y nangangamkam<br>Langaw na dumapo sa isang kalabaw.<br><br>Panay na pangakong kay sasarap dinggin<br>Kung di natutupad, singsarap ng hangin<br>Tuntunin at batas kung minsa'y sipain<br>Orden ng palasyo'y isang basang papel.<br><br>Sa gayon pamuling lumamlam ang araw<br>Nitong sawing lahi sa Dulong Silangan<br>Mayrong bayan palang kahit sinasakal<br>Ay di mo makita ang bakas ng kamay.<br><br>Parang may engkanto ang ibong Agila<br>Nalulukuban ka'y di mo alumana<br>Pinag-aantay ka ng isang umaga<br>Katanghalian na'y nag-aantay ka pa.<br><br>Saka naturuang ang baya'y mahilig<br>Sa hilig din nilang parang bagong sakit<br>Sa mga salitang lubhang mapang-akit<br>Nagpautang hanggang umabot sa liig.<br><br>Sa mga dambana ng bayaning bantog<br>Panay na dayuhan ang itinatampok<br>Bayani ng baya'y madalas malimot<br>Insenso ng puri'y sa dayo ang suob<br><br>Humanga ang bayan sa di nila uri<br>Ikinahihiya ang sariling lahi<br>Magkakababaya'y nagkakatunggali<br>Sa hirap ng pinggang may lutong salapi. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Mayrong magsasabing ang dayuhang iya'y<br>Dapat nang ibagsak, pagkat mapanlinlang<br>Ngunit ang dadampot at magsasanggalang<br>Mga tao na rin sa lupang Silangan.<br><br>
Palibhasa'y doo'y malaya ang ang lahat<br>Sa isip ng baya'y malaya ngang ganap<br>Ang bandila nilang hindi mailabas<br>Kundi kaagapay ng bandilang padpad<br><br>
Ang salapi nila ang tatak sa likod<br>Ay ibong adarnang tanda ng pagsakop<br>Tugtugin ng bayan kapag tinutugtog<br>Tugtugin ng dayo ang isinusunod.<br><br>
At ang kabataang tila nabubulag<br>Kay dami ng aklat ngunit walang aklat<br>Libo-libong aral, laksa-laksang pilak<br>Paglabas sa templo'y dayuhan ang utak.<br><br>
Pagproseso ng Pag-unawa<br>
A. Pagkilala sa Katotohanan at Kasinungalingan<br>
Isulat sa patlang kung ang nakasaad ay Katotohanan. Kung hindi, palitan ang salita o mga salitang may salungghit ng wastong sagot.<br><br>
____________________ 1. Ang simbolisnong kinakatawan ni Haring Samuel ay ang <u>Espanya.</u><br>
____________________ 2. Si <u>Prinsipe Dolar</u> ang mabuting anak ni Haring Samuel.<br>
____________________ 3. Si <u>Dakila</u> ay kasintahan ni Prinsesa Mandawa.<br>
____________________ 4. Ang akdang "Sa Dakong Silangan" ay naisulat noong <u>1928</u>.<br>
____________________ 5. Ang bandilang tinutukoy na may araw at tala ay ang bandila ng <u>Amerika.</u><br>
____________________ 6. Si <u>Duke Demorito</u> ay naghahangad ng paglaya ng Kaharian ni Haring Pilipo.
</td>
<td>
Susi sa Katanungan<br>1. Amerika<br>2. Duke Democrito.<br>3. katotohanan<br>4. katotohanan<br>5. Pilipinas<br>6. katotohanan<br>7. pilak
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ______________ 7. Sa akda, binanggit na ang ginto na bilog ay nakabubulag.<br>______________ 8. Ang matulis na kuko ng gintong dayuha'y tumarak sa dibdib ng lupang Silangan.<br>______________ 9. Ang palasyo ay kulong ng malaking lambat.<br>______________ 10. Ang dayuhang utak ay simbolismo ng kaisipang kolonyal.<br><br>**B. Pagsagot sa Makabuluhang Tanong**<br>1. Sa papaanong paraan nailarawan ni Jose Corazon de Jesus ang kalagayan ng Pilipinas sa ilalim ng mga Amerikano?<br>2. Ano ang isinasagisag ng tatlong prinsesa sa akda? Ipaliwanag.<br><br>**Ikaapat na Araw**<br>**2. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Hatiin ang klase sa apat na pangkat (maaaring mabago ang bilang batay sa dami ng mga mag-aaral). Ibahagi ng bawat pangkat ang mga manunulat na Pilipinong nakilala sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano mula 1898 hanggang 1935. Ipaliwanag din ang kahalagahan ng Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Amerika at kabuluhan nito sa kasalukuyan. | 8. katotohanan<br>9. gubat<br>10. katotohanan |
| | **Manunulat** / **Mga Naisulat** / **Maikling Deskripsiyon** (talahanayang may anim na bakanteng hanay)<br><br>**Gabay na Tanong:**<br>1. Ano ang kahalagahan ng Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Amerika at ang kahalagahan ng mga panitikang ito sa kasalukuyang panahon?<br><br>Narito ang rubrik sa pagmamarka sa gawaing ito. | Ipatakda na sa nakaraang araw ang pagsasaliksik tungkol sa mga manunulat na Pilipinong nakilala sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano mula 1898 hanggang 1935.<br><br>Maaaring hatiin ang ibabahagi ng pangkat sa bawat genre ng panitikan. |

| Manunulat | Mga Naisulat | Maikling Deskripsiyon |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**RUBRIK SA PAG-UULAT**

| PAMATAYAN | (5) Napakusay | (3) Mahusay | (1) Nangangailangan |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Ang mga datos na inilahad ay nagpapakita ng angkop na detalye. | May mga datos/gawain na hindi gaanong nagpapakita ng kaangkupan. | Lahat ng inilahad ay higit na nangangailangan ng kaangkupan sa gawain. |
| **Kalinawan ng presentasyon** | Napakahusay ng ginawang presentasyon at mensaheng ipinabatid. | Malinaw ang presentasyon at mensaheng ipinabatid. | Hindi malinaw ang presentasyon at mensaheng ipinabatid. |
| **Kooperasyon** | Lahat ng miyembro ng pangkat ay may pagkakaisa ay maayos ang ipinakitang presentasyon. | Dalawa sa miyembro ng pangkat ay hindi maayos na nakiisa. | Hindi maayos ang presentasyon dahil sa hindi nakita ang pagtutulungan ng bawat miyembro. |
| **Kabuoan** | | | |

**D. Paglalahat**

1. **Pabaong Pagkatuto**
   Dugtungan ang mga nasa ibaba nito upang maipahayag ang mga natutuhan sa aralin.

   **Nalaman ko…**
   **Naramdaman ko…**
   **Napagtanto ko…**

2. **Pagninilay sa Pagkatuto**

   **GABAY-NILAY**
   1. Ano ang nagging hamon o balakid sa inyong pagkatuto?
   2. Ano ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?
   3. Ano ang dapat ninyong gawin upang mapaunlad pa ang pagkatuto sa aralin?

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusuri sa mga Simbolismo sa Akda**<br>Ipaliwanag ang simbolismong nakapaloob sa mga sumusunod na taludtod mula sa akdang "Sa Dakong Silangan"<br><br>1. Nais na itanim doon sa Silangan<br>Ang lahat ng kanyang ari at kalakal<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>2. Mahinang lumakas, ngayo'y nangangamkam<br>Langaw na dumapo sa isang kalabaw.<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>3. Mayrong bayan palang kahit sinasakal<br>Ay di mo makita ang bakas ng kamay.<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>4. Bayani ng baya'y madalas malimot<br>Insenso ng puri'y sa dayo ang suob<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>5. Humanga ang bayan sa di nila uri<br>Ikinahihiya ang sariling lahi<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>6. Libo-libong aral, laksa-laksang pilak<br>Paglabas sa templo'y dayuhan ang utak.<br>____________________ | Mga Posibleng Tuon ng Paliwanag:<br><br>1. Ang layunin ng Amerika sa pananakop sa Pilipinas ay upang palawakin ang pag-aaring Negosyo at kalakalin ang mga likas-yaman ng Pilipinas.<br><br>2. Dating kolonyang bansa rin ng Britanya ang Amerika. Nang lumaya ito at nagging makapangyarihah ay ito naman ang nagsimula ng pananakop. Ang langaw na dumapo sa likod ng isang kalabaw ay posibleng ang mga Pilipinong nakipagsabwatan sa mga Amerikano para sa pansariling interes.<br><br>3. Gamit ang edukasyon at ang konsepto ng demokrasya, nagawang sakupin ng Amerika ang Pilipinas na parang di naman napapansin ng ibang Pilipino. Ang pananakop ay inakalang pagtulong gaya ng sinasaning "manipest destiny" ni William Mc Kinley.<br><br>4. Ang mga bayaning lumaban sa mga Amerikano ay nalimot ng mga Pilipino at ang Amerika ay sinamba bilang tagapagligtas ng Pilipinas.<br><br>5. Kinalimutan ng mga Pilipino ang sarili nilang kultura at |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">2. Paglalagom<br>Halos kasabayin ng akdang “Sa Dakong Silangan” na nasulat ang tula rin ni Jose Corazon de Jesus na “Bayan Ko”. Lagumin ang mensahe ng dalawang akda sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa walo. (8) Itatakda ng guro at ng klase ang pamantayan sa pagmamarka ng sanaysay.</td><td>dinakila ang mga impluwensiyang dala ng mga Amerikano.<br><br>6. Dumami ang mga nakapag-aral ngunit taglay ang kaisipang kolonyal.</td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ <u>**Pagtanaw sa Inaasahan**</u><br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Joel C. Malabanan*** | ***Sinuri ni: Evelyn M. Varron*** |
| ***Institusyon: Philippine Normal University - Manila*** | ***Institusyon: Philippine Normal University - Manila*** |